# INTERAKTIBONG KAGAMITAN SA AKADEMIKONG PERFORMANS NG MGA MAG-AARAL SA ASIGNATURANG FILIPINO

**WESLEY P. LAMOSA**

**ISANG TESIS NA INIHARAP SA MGA GURO NG INSTITUTE OF TEACHER EDUCATION DAVAO DEL SUR STATE COLLEGE, MATTI, DIGOS CITY BILANG TUGON SA ISA SA MGA KAHINGIAN PARA SA DIGRING**

**BATSILYER NG SEKUNDARYANG EDUKASYON**
**(Medyor sa Filipino)**

**MAYO 2024**

## Abstrak

**LAMOSA, WESLEY P.,** Davao del Sur State College (DSSC), Digos City, Davao del Sur. Institute of Teacher Education. Mayo 2024, **"INTERAKTIBONG KAGAMITAN SA AKADEMIKONG PERFORMANS NG MGA MAG-AARAL SA ASIGNATURANG FILIPINO."**

Tagapayo: **Leslie C. Elevado, MALT**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang ugnayan ng antas ng persepsyon sa paggamit ng interaktibong kagamitan at akademikong performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang layunin ng pag-aaral ay ang sumusunod: (1) malaman ang antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng interaktibong kagamitan sa apat na aspeto: kontribusyon sa pagkatuto, motibasyon, epektibidad, at negatibong epekto; (2) malaman ang akademikong performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino; (3) matukoy ang makabuluhang ugnayan ng antas ng persepsyon sa paggamit ng interaktibong kagamitan at akademikong performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang disenyo ng pag-aaral ay deskriptibong korelasyonal at ginamit ang sarbey kwestyuner bilang pangunahing instrumento sa pagkalap ng datos. Ang kabuuang bilang ng mga respondente ay may kabuuang 108 na nagmula sa mga mag-aaral ng ika-sampung baitang, na pinili sa pamamagitan ng stratified

random sampling at slovin's formula. Upang makamit ang mga layunin, ang mga datos ay inanalisa gamit ang mga istatistikang mean, standard deviation, at Pearson's r.

Natuklasan na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng persepsyon sa paggamit ng interaktibong kagamitan at akademikong performans ng mga mag-aaral kaya naman tinanggap ang null hipotesis. Samakatuwid, ang pagbabago sa antas ng persepsyon sa paggamit ng interaktibong kagamitan ay hindi direktang magreresulta sa pagbabago rin ng akademikong performans ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Bilang rekomendasyon, inirerekomenda ang pagpapalakas ng mga programa at patakaran sa Kagawaran ng Edukasyon upang mapabuti ang paggamit ng interaktibong kagamitan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Dapat ding bigyan ng suporta at pagsasanay ang mga guro sa tamang paggamit ng interaktibong kagamitan sa pagtuturo.

Sa kabuuan, ang pag-aaral ay naglalayong mapabuti ang kalidad ng edukasyon at magbigay ng masusing kaalaman sa ugnayan ng interaktibong kagamitan at pag-aaral.

Keywords: *interaktibong kagamitan, teknolohiya, akademikong performans, Filipino.*